

1

“Señorita?” untag ni Yaya Mani.

“S-sandali na lang. I’ll just fix my makeup,” sagot ni Chynna Legazpi Santillan, o Chi-Chi, sa basag na boses. Tumango ito bago tuluyang lumabas ng kuwarto. She stared at her miserable face from the mirror.

I’m getting married. Hell I am! Tila sirang plakang paulit-ulit na umuukil sa isip niya ang bagay na iyon. She couldn’t believe it. Ginawa siyang pambayad-utang ng sarili niyang abuelo!

Ganoon ba nito kagusto ang mawala siya nang tuluyan sa poder nito? Frustrated na binato niya ng lipstick ang kanyang repleksyon sa salamin.

Natigil ang kanyang pagmamaktol nang muling kumatok si Yaya Mani.

“I’m coming!” inis na bulyaw niya rito. Pagkuwa ay inis siyang tumayo at tinungo ang pinto. Ilang minuto lamang at nasa harap na sila ng simbahan.

Sumilip siya mula sa bintana ng kotseng kinaroroonan niya. Ten minutes na lang at mag-

uumpisa na ang kanyang kasal. Kitang-kita niya ang nakangising mukha ni Hajii na nagkataong napatingin din sa kinaroroonan niya. She snapped the door closed.

She was a spoiled brat in every sense of the word. Dahil ulila sa magulang, lumaki siyang salat sa pagmamahal. Ang kanyang abuelong si Don Jose Manuel ay mas mahal pa ang mahjong kaysa sa kanya.

She was every guy's nightmare, dahil lahat ng mga lalaking lumalapit sa kanya ay ipinapahiya niya regardless of their status in the society. Madaming gustong gumanti sa kanya. Kung hindi lang siguro siya mayaman ay matagal na siyang naipa-salvage ng mga napahiya niya. Hajii was one of her victims.

Pero hindi niya naisip na hahantong siya sa sapilitang pagpapakasal dito dahil sa kagagawan ng kanyang lolo. Inis na tinanggal niya ang kanyang belo. It was too obvious that her grandfather wanted to get rid of her.

“M-Mang Estong, mahal n’yo ako, hindi ba?” untag niya sa driver na siyang tanging kasama niya sa sasakyan.

“Ay naku, oo naman, Hija. Napakalaki ng utang-

na-loob ko sa iyong amang si Señorito Manuelito. At parang anak na rin ang turing ko sa 'yo."

"Kung gan'on ay hindi mo nanaising mapasakamay ako ng isang masamang tao?"

"H-ha... eh, oo naman," alinlangang sagot nito.

"Tulungan mo akong makatakas."

"P-pero, Señorita."

"Please, alang-alang kay Papa. Hindi ko po mahal si Hajii," pakiusap niya.

"P-pero..."

Sa tulong ni Mang Estong ay nagawang makatakas ni Chi-Chi sa simbahan. She couldn't let her grandpa ruin her life. Hindi niya pinangalagaan ang kanyang sarili para lamang makuha ng manyak na Hajii na iyon! *No way!*

Mabilis ang ginawa niyang pagtakbo. Hindi alintana ang sakit ng mga paa kahit pa magkadatumba-tumba na siya sa damuhan. Tumungo siya sa kinatatakutang gubat sa kanilang bayan. Ayon sa kuwento ay may nakatirang mga mahiwagang oso sa gubat. Wala pa raw nakapasok sa gubat na iyon na nakalabas nang buhay.

Ngunit mas pipiliin pa niyang makain ng mahiwagang oso na iyon kaysa mapunta kay Hajii. She heard footsteps coming closer. So she hurriedly ducked herself behind the acacia tree. She knew Hajii would not let her go just like that.

“Istupido! Mga inutil! Huwag n’yong hayaang matakasan kayo ng babaeng iyon! Halughugin ninyo ang buong gubat na ito kung kinakailangan!” bulyaw nito sa mga tauhan.

“P-pero, Boss, hindi ba’t isinumpa ang lugar na ’to? Ang lungga ng mababangis na oso?” sagot ng lalaking may balbas na may hawak na armalite.

“Tanga! Hindi totoo ang kuwentong iyon! Hindi mabubuhay ang totoong oso rito sa Pilipinas, bobo! Basta ang gusto ko ay mahanap ninyo ang mapapangasawa ko! Siguraduhin ninyong buhay! Hindi ko pa iyon napagsasawaan!”

Muling nagsikilos ang mga tauhan nito.

She shivered. *Hayop talaga!* Nanginginig na nagsumiksik siya sa ilalim ng malalaking ugat ng puno.

Nang makaalis ang mga ito ay minabuti niyang lumabas mula sa pinagkukublihan. She went deeper into the forest. Kung kailangan niyang magtago sa

likod ng mga mababangis na oso ay gagawin niya. Sa mga narinig niya kanina, mas lalong hindi siya dapat makita ni Hajii!

Hindi niya napigilan ang mapaluha. How could her grandfather do this to her? Paano nito nagawang ipagkanulo siya nang dahil sa pera? Kahit naman rebelde siyang apo ay mahal na mahal niya ang abuelo.

Natigil ang pagdra-drama niya nang bigla siyang matapilok. Bad trip na inalis niya ang suot na sapatos. Ipinukpok niya iyon sa isang nakausling malaking bato hanggang sa tuluyang maputol ang takong niyon. Then she hurriedly wore it again. She was about to run again when she saw Mr. Balbas, isang tauhan ni Hajii!

“Nakita ko na siya!” sigaw nito. Sunud-sunod na nagsidatingan ang mga kasamahan nito.

“Damn!” Pumihit siya pabalik. Mas mabilis sana siyang makakatakbo kung hindi lang pagkadami-daming tela ng suot niyang wedding dress. *Lord, pakiusap, tulungan Mo po ako.*

“Hindi ka makakatakas sa akin, my dear Chi-Chi,” ani Hajii sa nakakalokong tono.

“Damn you! Magpapakamatay na lang ako kaysa

mapunta sa 'yo!" sigaw niya.

"Run as fast as you can, you little witch. Pero ito ang sisiguraduhin ko sa 'yo, hinding-hindi ka makakatakas sa akin." His demonic laugh surrounded the whole place.

Wala siyang tigil sa pagtakbo; hindi alintana ang nagkasugat-sugat niyang mga paa. She tossed her shoes and forcefully took off her wedding dress. Hindi bale nang halos hubad siyang nagtatatakbo! At least, mas mabilis siyang makakakilos.

Narinig niya ang tawa ni Hajii. "Too excited for our honeymoon, huh? You're making me insanely excited, Honey. Wait 'till I get a hold of you."

Mas lalo niyang binilisan ang pagtakbo. Kinikilabutan siya sa tuwing naririnig ang mala-demonyong tawa ng lalaki. Nakakabingi ang lakas ng tibok ng kanyang puso. She was running out of breath but she couldn't give up. Not now.

Lumingon siya at nakita ang mga humahabol sa kanya. Pakiramdam niya ay iyon na ang huling araw niya sa mundo, pero hindi siya susuko! Binilisan pa niya ang takbo.

Pero natigilan lang siya nang makitang wala na siyang tatakbuhan pa. Isang mataas na waterfall na

ang kaharap niya! *What the—? I'm going to die!*

“What now, Chi-Chi? You have nowhere to go.”

“S-stop right there or I'll jump off this falls!”

“I know you can't do that. Dahil alam kong alam mo na hindi ka na makakalabas nang buhay sa oras na mahulog ka riyan. Even the bravest animal in this forest won't come near that place.”

“But I'd rather die than be with you!” aniya sabay nakapikit na tumalon sa napakataas na waterfall sa harap niya. *Magkikita na kami ng mga magulang ko sa wakas!*

Nilalamig na niyakap ni Chi-Chi ang sarili. Sa kaunting pagkilos na ginawa niya ay tila nakuryenteng sumakit ang katawan niya. At sa pagmulat ng kanyang mga mata, napansin niya ang malaking anyong-tubig na kaharap niya: a very beautiful waterfall!

Nilinga niya ang buong paligid. “Where on earth am I?” usal niya.

Maingat siyang tumayo, iniiwasang huwag masyadong maigalaw ang mga binti dahil napakasakit niyon. Iika-ikang nagpalakad-lakad siya. Bagaman natatakot dahil batid niyang naroon siya sa isinumpang

lugar ng mga oso ay hindi pa rin niya napigilang humanga sa kagandahan ng lugar na iyon.

Flowers were everywhere! Maraming puno at presko ang hangin. Ito ba ang isinumpang lugar, bakit ganito kaganda?

Napatingala siya sa langit. Malapit nang dumilim. She cringed. Paano kung dumating ang cursed monster bear at kainin siya nang buhay? Kailangang makahanap siya ng ligtas na lugar kung saan siya puwedeng manatili.

Nagpatuloy siya sa paglalakad. Laking gulat niya nang makakita ng isang maliit na bahay.

Bahay sa gitna ng gubat?

Bagaman nagtataka ay minabuti niyang lumapit doon at kumatok. Nagbabakasakali siyang may ibang tao roon at patuluyin siya.

But there seemed to be no one in that little house. Tuluyan na siyang pumasok sa loob. At mas lalo siyang nagulat sa nakita. Ang maliit na bahay ay may malawak na sala at magagandang kagamitan sa loob. There was even a flat television in the living room!

Namamanghang umakyat siya sa three-step stair ng bahay. May tatlong kuwarto sa itaas. Muli siyang

pumanaog nang makaramdam ng gutom. Derechong hinanap niya ang kusina. At napangisi siya nang makita ang masarap na tinolang manok na nakahain sa mesa.

Sa isang kispang-mata ay naubos niya ang nakahaing pagkain sa mesa. Mayamaya ay nakaramdam siya ng panlalagkit. She needed a bath. Tumayo siya mula sa mesa at nagtungo sa itaas ng bahay.

Binuksan niya ang huling pinto na nakaharap sa hallway ng ikalawang palapag. Namangha siya nang makitang puno ng bubble bath ang tub na naroon na tila may naghanda para sa paliligo niya.

Pag sinusuwerte ka nga naman! Napangisi siya.

Mabilis pa sa alas-kuwatrong nagtanggap siya ng kakarampot na damit—sando, underwears at maliit na cycling shorts. Sumampa siya sa bathtub at ninamnam ang kaiga-igayang pakiramdam na dulot ng maligamgam at mabangong tubig na bumalot sa pagal niyang katawan. Kung hindi pa siya nakaramdam ng antok ay hindi pa sana siya aahon mula sa bathtub.

Kinuha niya ang malaking asul na tuwalyang nakasabit sa likod ng pinto ng banyo at ibinalot iyon sa katawan. Pagkatapos maligo ay naisipan niyang

matulog.

Pagbihis, binuksan niya ang unang pinto mula sa banyo. Napakamot siya nang makakita ng maliit na kama sa gitna niyon. Dahil sa katamaran ay pinilit niyang pagkasyahin na lang ang sarili sa maliit na kama. Ngunit hindi siya makatulog nang maayos. She angrily tossed the bedsheet as she headed for the door. *Badtrip!*

Tinungo niya ang pangalawang pinto. May kama ulit sa gitna, medyo mas malaki iyon kaysa sa nauna. Mabilis niyang isinara ang pinto. Sinubukang matulog ulit sa kamang nandoon. Ngunit gaya nang nauna ay bigo siya; maliit pa rin sa kanya ang kama.

Again, she angrily tossed the bed sheet as she walked out and headed for the door.

Sumunod niyang binuksan ang ikatlo at huling pinto. May malaking kama sa gitna niyon. Finally, a queen-sized bed! Natutuwang isinara niya ang pinto.

Napakalambot. Satisfied na inihiga niya ang pagod na katawan sa malaking kama. Kinuha niya ang isa sa napakaraming asul na unang naroon at niyakap iyon. Napatingin siya sa buong paligid. Dominante ang kulay blue sa kuwarto. Diyata't silid ni 'Papa Bear' ang napasok niya? She giggled.

Who was she, Goldilocks? Oo nga at kulot ang mahaba niyang buhok, pero hindi iyon kulay mais kundi kulay uling.

This dream is really cute and amusing.

Nakangiting ipinikit niya ang mga mata. Hindi niya alam kung gaano siya katagal sa ganoong ayos.

“Who are you?” Ang baritonong boses na iyon ang gumising sa kamalayan niya. Ang nakakatakam na abs sa tiyan at nagtitigasang muscles sa braso na kitang-kita niya sa pawisang katawan nitong walang saplot pang-itaas ay nagpalaki sa bilugang mata niya!

Pati ba ang guwapong papa na kagaya nito ay kasama sa magandang panaginip niya?

2

Chi-Chi's nice dream became a nightmare when she met three pairs of eyes that were furiously staring at her. Mas lalo na sa dalawang bata na nasa likuran ng guwapong lalaki. Hula niya ay kambal ang batang babae at lalaki dahil magkamukha ang dalawa.

“W-what?” pabulong niyang untag.

“Sino ka?” asik ng guwapong lalaki. Naglakad ito palapit. Nasa likod nito ang dalawang bata na masama pa rin ang tingin sa kanya.

“I am Chi-Chi,” aniya nang makabawi.

“Paano mo nagawang bigla na lang pumasok sa bahay ng may bahay at magkalat katulad ng ginawa mo?” His handsome face darkened.

“N-nakikain lang naman ako, nakiligo at nakitulong. I knocked but nobody's home. So I thought I could—”

“That doesn't give you the right to barge into somebody's house like this! Nakita mo ba ang ginawa mo sa bahay ko? You practically messed up everything!”

“Puwede ba, ’wag ka ngang eksaherado. At mas lalong ’wag kang madamot sa katulad kong nangangailangan!” naiinis na sagot niya. This man was a brute! He was starting to get into her nerves.

“Wala kang karapatang sagutin nang ganyan ang daddy ko!” biglang sigaw ng batang lalaki sa likuran ng kausap niya. Nag-aalab ang tinging ipinukol nito sa kanya. Sa hula niya ay nasa pito hanggang walong taong gulang lamang ito.

“Shin, go back to your room. Now,” utos ng lalaki sa bata.

“Right! You’re a burglar who’s very filthy and messy!” The little girl stomped her feet.

“Shan, you, too. Go to your room,” he demanded.

“Aba, itong mga batang ito! Hindi kayo dapat ganyan sumagot sa mas nakakatanda sa inyo! That’s rude! Say sorry to me, now!” inis na singhal niya.

“Look who’s talking,” the man smirked. Masama ang tinging pinandilatan niya ito. *Brute!*

“I hate her! Let the old woman out of our house, Daddy! She ruined our house!” Shan screamed.

“I hate her, too! She tossed my bedsheet and threw my pillows on the floor!” Shin complained.

“Aba! Sino’ng old woman, ha? Baka akala ninyo, hindi ako pumapatol sa bata?” Galit na umahon siya mula sa kama.

Akmang susugurin niya ang dalawang bata nang bigla siyang hablutin ng lalaki sa braso. “Shut up, you fox!” Pabulong ang pagkakasabi nito niyon.

Bigla ang pag-akyat ng dugo sa kanyang ulo. Hindi niya mawari kung dahil iyon sa galit o dahil sa init na hatid ng mabangong hininga nito.

“You two, I said go back to your rooms now!” asik nito sa mga anak.

Alinlangang umalis ang mga bata at iniwan sila.

“Y-you let me go! Damn it, let me go!” she hissed. Nakakaalarmang isipin na silang dalawa na lang ang nasa loob ng kuwarto. He was topless, for Pete’s sake!

“Who are you? Don’t even try my patience,” matigas na tanong nito.

“I am C-Chynna, Chi-Chi for short, a runaway bride. I ran away because my grandfather is forcing me to marry a mad maniac. Satisfied?”

“You can end you fictional story now. I’m not buying it.” Lumapit ito sa bintana at sumilip doon. “Nasaan ang mga kasama mo?” asik nito.

“What are you talking about?” takang tanong niya.

“I said—”

“T-they were running after me, before I jumped off that waterfall. Mas pinili ko pang magpakamatay kesa mapunta sa Hajii na 'yun. I even took off my wedding dress along the way so I could run faster. Luckily, I'm still alive. But now I'm thinking if I'm really lucky to be alive.”

Natigilan ang kaharap. Naalala nito na may nadaanan nga itong wedding dress kanina sa kagubatan noong sinundan nito ang kambal. He also found a pair of white shoes with broken heels. Both were near the waterfall. Napatingin ito kay Chi-Chi. Was she telling the truth?

“Y-you can't stay here,” anito.

“Why not?”

“Because my kids don't like you and so I do.”

“So what? I don't like you and your kids either.”

“Bahay ko ito at ako lang ang may karapatang magsabi kung gusto kong magpatira ng ibang tao o hindi.”

Natigilan siya. He was right. Ano nga naman ang karapatan niya? “F-fine, I’m leaving.” Tumango siya. “S-siya nga pala, siguro naman ay hindi mo na ipagdadamot ang t-shirt na ito? Akin na lang, ha? Wala kasi akong dalang damit.” Hindi na niya hinintay pa ang sagot nito. Mabilis siyang tumayo at tinungo ang pinto.

Nasaan kaya si Mama Bear? Baka sakaling mas mabait ito kaysa kay Papa Bear at mga baby bears, at patirahin siya sa bahay nila.

Saan ngayon siya puwedeng tumira sa lugar na iyon? She had nothing—no food, no house, no clothes. Pakiramdam niya ay siya na ang pinakanakakaawang tao sa buong universe. Napasinghot siya. She had never felt that helpless in her entire life before. Ngayon lang.

“You can’t leave unless you’ve cleaned up all the mess you’ve made in this house.”

Gulat na napalingon siya sa lalaking nasa itaas ng hagdanan. She was in the middle of the living room. Kaunti na lang malapit na siyang makalabas ng bahay na iyon.

“What!” she exclaimed.

“Ayusin mo lahat ng ginulo mo.”

“Are you really this cruel? Palalayasin mo na nga ako, paglilinis mo pa ako?” she uttered in disbelief.

“Well, ikaw naman ang gumulo sa mga iyan, kaya nararapat lang din na ikaw ang umayos,” anito sabay turo sa kusina kung saan nagkalat ang mga pinggang hindi pa nahugasan at mga yapak niyang nag-iwan ng maraming putik sa sahig.

“I wish I could kill you right now,” asik niya.

“You won’t leave this house unless you’ve cleaned up all the mess. You can’t run away. I know this place more than you do kaya mahahanap pa rin kita kahit tumakas ka pa,” banta nito.

Hindi napigilang binato niya ito ng throw pillow na mabilis nitong nailagan. Tumatawang iniwan siya nito sa gitna ng sala. Nanghihinang napatingin siya sa kalat na siya nga ang gumawa.

“I’ll be damned if I’m gonna let you do this to me, jerk!” Sa halip na maglinis ay humiga siya sa sofa. Marahil sa sobrang pagod kaya dagli siyang nakatulog.

Napahatsing si Chi-Chi nang may kung anong mabuhok na tumama sa ilong niya. Inis na hinawakan

niya ang ilong. Pinilit niyang ayusin ang pagkakahiga. She wanted to have more sleep. Ngunit bigla namang iyong tainga niya ang nangati. Tinakpan niya iyon ng kamay. Then the intolerable feeling of itchiness went back to her nose. Hinagilap ng kamay niya ang unan, planning to cover up her head. Pero natigilan siya nang wala siyang mahagilap kahit isa.

Sumunod na naramdaman niya ay ang paggapang ng kung ano sa hita niya. Nahintakutang napabalikwas siya at napabangon. She let out an eardrum-wrecking scream. Only to see the two baby bears laughing like little devils in front of her.

Hawak ng batang lalaki ang isang balahibo ng manok samantalang sintas ng sapatos naman ang hawak ng batang babae.

“Damn it! Get out of my sight!” taboy niya sa mga ito. Inistorbo na ng mga ito ang tulog niya, pinaglaruan pa siya! Kaunti na lang at masasakal na talaga niya ang mga bata.

“You should be the one leaving this place. You aren’t welcome here,” sagot ng atribidang batang babae.

“Aba’t, sumasagot ka pa!” Kumukulo talaga ang dugo niya sa mga ito.

“Of course, we have mouths. A witch like you will never be allowed to stay here. So you’d better be out of our house before Daddy comes back!” sagot ng batang lalaki.

“Witch? Sa ganda kong ito, tinawag mo akong witch? You are just like your father! You have no taste in women!”

“Duh! If you’ve just seen our mom, I bet you would never have the guts to say that.”

“Like... duh! Then your mom is a blind pathetic girl, fooled by your beastly father!”

“You really are a witch to say that. You talk bad.”
Masama ang tingin ng batang babae sa kanya.

A witch? She tried to picture herself in her mind. Kahit walang suot na makeup ay likas na maganda ang kanyang mala-anghel na mukha. At kahit sa oversized t-shirt na suot niya, bulag lang ang magsasabing hindi siya sexy. Napansin niya ang reflection niya mula sa T.V. screen.

Her long and naturally curly hair was tossed like it was some weird wig. Her fingernails were painted black. Ang kanyang tainga ay napakaraming hikaw na isinuot niya sa kasal niya para lamang galitin si Hajii. Her eyes still had the dark eyeliner, ngunit nakakalat

na sa palibot ng kanyang mga mata ang mascara na ginamit niya.

“H-how dare you talk to me like that! Hindi ba kayo tinuruan ng daddy n’yo kung paano gumalang sa mas nakakatanda sa inyo?” Napapahiyang tumalikod siya upang itago ang pamumula ng mukha.

“Yeah right, you are some old witch,” sabad ng boses na iyon mula sa likuran niya. She gasped when she saw the brute in his white sando and short pants. He looked handsomely refreshing. Mukhang bagong ligo ito.

“Shin and Shan, you say sorry to this *old woman*.”

Bagaman ayaw sumunod ay napipilitang nag-sorry pa rin sa kanya ang dalawang paslit. Pagkatapos ay ibinato sa kanya ang mga hawak na balahibo ng manok at sintas ng sapatos sabay takbo palabas ng bahay. She even heard their tiny giggles, na lalong ikinainis niya!

“Sino ang old woman? Kagabi ka pa, ah! I’m only twenty-five for Pete’s sake!” galit na baling niya sa lalaki.

“Whatever.” Naglakad ito patungo sa kusina.

Awtomatikong sumunod siya rito. Bigla siyang

nakaramdam ng gutom. She sat down on one of the chairs in the dining table. Napansin niyang malinis na ang kusina. Wala na rin ang putik-putik niyang mga yapak sa sahig at tiyak niyang malinis na rin ang banyo at mga kuwarto nila. Napangisi siya.

Bigla niyang naalala ang yaya niya sa mansion nila. Lagi nitong sinusundan ang bawat galaw niya. Napasimangot siya. Somehow she missed home, her life. Kailan kaya siya makakauwi?

“Don’t sit there like a princess waiting to be served. May atraso ka pa sa ’kin,” putol ng guwapong suplado sa pagmumuni-muni niya.

Funny, but she had been talking and had been arguing with this man for many hours now but she still did not know his name. Mabuti pa iyong dalawang bulinggit, alam na niyang Shin at Shan ang mga pangalan.

“I cleaned the house, dahil imbis na maglinis ay tinulugan mo lang iyon kagabi. I can’t stand mess, you know.”

“That’s nice,” she complimented sarcastically.

“Wouldn’t it be nicer if you’d cook breakfast? Gutom na kami ng mga bata.” Naglabas ito ng apron at ibinigay iyon sa kanya.

“What?” Nagtatakang pinagmasdan niya ang apron.

“Naisip ko lang, since you emotionally blackmailed me last night, I can't really let you go wandering in this forest alone.”

“W-why, thanks!” Napalundag ang puso niya. *Something's fishy*. Naniningkit ang matang inantay niya ang 'but' sa sasabihin nito.

“But of course, hindi ka isang bakasyonista sa bahay na ito. I will be your boss. I'm taking you in *only* if you'll agree to be my girl friday and be my children's nanny.”

“W-what?!?”